Impormasyon para sa mga Negosyo

# CLEAR ALLEYS PROGRAM (CAP) NG SEATTLE

Ang Lungsod ng Seattle ay nakikipagtulungan sa mga lokal na kumpanya na nagkokolekta ng mga basura at mga mamimili sa downtown upang bawasan ang pag-iimbak ng mga lalagyan ng basura sa pampublikong karapatan-sa-daanan. Ang Clear Alleys Program (CAP) ay nilikha ng Director's Rule SW-406.1 at naglalayong lumikha ng mas malinis, mas ligtas na mga distrito ng negosyo sa pamamagitan ng pagpapabuti ng akseso sa eskinita. Ang WM ay ang tagapagdulot ng serbisyo para sa CAP sa **Pioneer Square**, **International District** at mga kapitbahayan **sa Columbia City**.










**Paano ito gumagana:** Maliban kung ang isang negosyo ay may itinalaga o pribadong espasyo sa loob ng imbakan, ang mga espesyal na minarkahang plastik bag ay ginagamit para sa basura at pag-recycle, na nakalagay sa mga eskinita, at kinokolekta ng hindi bababa sa dalawang beses bawat araw.

**Ano ang ibig sabihin nito:** Walang mga lalagyan ng kumpanya ang maaaring itago sa pampublikong karapatan-sa-daan maliban kung nagkaroon ng eksempsyon ang mamimili para sa mga basura ng pagkain, salamin o dumi ng hayop pagkatapos ng pag-tiyak ng lungsod na walang maaaring gamitin na espasyo sa imbakan sa lugar. Lahat ng mga mamimili na interesado sa pagkuha ng eksempsyon ay dapat makipag-ugnayan sa Solid Waste Compliance & Inspections sa SPUClearAlleys@seattle.gov.

**Magsimula:** Tumawag sa WM sa **1-855-894-9447** upang simulan ang inyong account at itawag ang inyong unang order ng mga bag sa telepono. Kapag dumating na ang inyong mga bag, magpatuloy tulad ng mga sumusunod...

**1.** Ilagay ang mga maaaring i-recycle sa malinaw na bag. Ilagay ang basura sa mga bag na kulay abo.




**2.** Kapag puno na, tiyakin na ang bawat bag ay nakatali nang maayos at nakalagay sa inyong eskinita para sa pagkoleksyon.

**Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubiling ito, maiiwasan niyo ang mga bayarin para sa paggamit ng mga bag na hindi CAP, na hindi legal.**

**3.** Ang karton ay dapat na patagin, pagsamasamahin at ilagay sa isang kahon bago ilagay sa inyong eskinita para sa pagkoleksyon.



**Impormasyon para sa mga Negosyo**

## MGA NABAYARAN NANG LAKI NG BAG, HALAGA AT LIMITASYON

**Tandaan: Ang mga presyo ay magiging epektibo sa Abril 1, 2024.** Ang mga gastos sa pagkolekta ng bag at pagpapadala sa pamamagitan ng USPS ay kasama sa bayad ngunit maaaring magbayad ang mga mamimili ng dagdag na bayad upang mapabilis ang kanilang pagpapadala kapag ito'y hiniling.

| **15-GAL na mga bag** (30 bawat rolyo, 20 lbs na limitasyon sa timbang) | **Bayarin sa bawat rolyo - BASURA** | **Bayarin sa bawat rolyo - RECYCLE** | **Buwanang singil sa serbisyo:** |
|---|---|---|---|
| Mga komersyal na mamimili | $174 | $174 | Mga **komersyal** na mamimili - $32.45 |
| Mga residensyal na mamimili | $174 | LIBRE* | |
| **33-GAL na mga bag** (15 bawat rolyo, 40 lbs na limitasyon sa timbang) | **Bayarin sa bawat rolyo - BASURA** | **Bayarin sa bawat rolyo - RECYCLE** | **Residensyal (magkakasamang-pamilya/apartment)** na mga mamimili - $48.25 |
| Mga komersyal na mamimili | $123 | $123 | *Ang mga residensyal na mga mamimili na umorder ng mga bag ng basura ay makakatanggap ng katumbas na bilang ng mga recycling bag na libre. |
| Mga residensyal na mamimili | $123 | LIBRE* | |

**Umapaw na Basura:** Para sa mga basurang hindi kasya sa isang nabayaran nang bag, may mga collection tag para sa mga bagay-bagay na mas mababa sa 60 lbs na hindi kasya sa isang bag. Para sa mas malalaking mga bagay-bagay maaari kayong humiling ng espesyal na koleksyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa WM sa **1-855-894-9447**.

## PAG-ORDER NG MGA NABAYARAN NANG BAG

Direktang makipag-ugnayan sa WM sa **1-855-894-9447** para sa mga order ng bag, paghahatid at malalaking tag ng bagay. Maaari rin kayong mag-order online sa wmnorthwest. com/seattle/seattlecaporder
**Para sa impormasyon kung paano makatipid ng higit pang pera sa pamamagitan ng pagbabawas ng basura at pag-recycle,** makipag-ugnayan sa Green Business Program sa greenbusiness@seattle.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa **(206) 343-8505**.

## SERBISYO NG PAGKAIN AT BASURA SA BAKURAN

**Ang lahat ng mga komersyal na establisyimento na gumagawa ng basura ng pagkain o gumagamit ng nakokompost na papel ay kinakailangang magpalista sa serbisyo ng basura sa pagkain at bakuran, pag-kompost ng kanilang mga basura sa pagkain sa lugar, o sariling humakot ng kanilang mga basura sa pagkain sa isang transfer station para sa pagproseso.** Ang mga halaga ng bayarin ay depende sa uri at laki ng lalagyan, dalas ng pagkuha, at kung ang materyal ay siksik. Tawagan si WM sa **1-855-894-9447** upang mag-palista at matuto nang higit pa tungkol sa mga laki at dalas ng serbisyo na inaalok.

## PAGKUKUHAAN NG TULONG SA WIKA

- Para sa mga serbisyo sa pagsasalin mangyaring tumawag sa **(206) 580-8299**
- 如需要口譯服務，請撥電話號碼 (206) 580-8299
- 통역 서비스를 원하시면 (206) 580-8299 으로 전화하세요
- Wixii turjubaan afka ah ku saabsan, Fadlan la soo xariir taleefoonka (206) 580-8299
- Para servicios de interpretación por favor llame al (206) 580-8299
- Về dịch vụ phiên dịch xin gọi (206) 580-8299

**May mga katanungan?** Bisitahin ang seattle. gov/utilities/protecting-our-environment/seattle-clean-city/clear-alleys